

Republic of the Philippines
Department of Education
Region V (Bicol)
DIVISION OF CATANDUANES
Virac, Catanduanes

Email Add: catanduanes@deped.gov.ph/catanduanesdiv15@gmail.com
Website: www.depedrovcatanduanes.com Tel No.: (052)811-1111




MEMORANDUM PANSANGAY

Blg. 139 s. 2017

PANSANGAY NA KONGRESO SA WIKA AT PATIMPALAK SA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017

Sa mga : Pansangay na Tagamasid
Tagamasid Pampurok
Prinsipal ng paaralang elementarya at sekundarya

1. Ang Pansangay na Kongreso sa Wika at Patimpalak sa Buwan ng Wikang Pambansa 2017 na may temang "Filipino: Wikang Mapagbago" ay gaganapin sa Agosto 24-25, 2017 na magsisimula 8:00 n.u.. Ang lugar na pagdadausan ay isusunod na lamang sa pamamagitan ng pabatid.
2. Ang layunin ng patimpalak ay:
 - a. mapili ang mga kalahok na kakatawan sa Panrehiyong Patimpalak sa Agosto 28, 2017 (araw ng mga bayani);
 - b. malinang ang kaalaman at kakayahan ng mag-aaral sa asignaturang Filipino;
 - c. mapaunlad ng guro ang angking husay at dedikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; at,
 - d. maganyak ang mga guro at mag-aaral na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong paglahok sa mga gawain kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika.
3. Ang mga kalahok sa gawaing ito ay ang mga nanalo ng unang pwesto sa pang munisipal ng patimpalak kasama ng kanilang tagapagsanay.
4. Ang Catanduanes National High School ang naatasang magpapadala ng guro/estudyante para sa intermission number sa araw ng Panrehiyong Patimpalak .
5. Ang piyesa ng nanalong kalahok ay isusumite kay Dr. Ma. Gina M. Templonuevo, EPS I (Filipino) kalakip ng resulta ng pang munisipal na patimpalak. Kailangang *typewritten, double spaced, gamit ang short bond paper* at limang kopya.
6. Walang pagbabago sa pamantayan at tuntunin sa patimpalak. Sundin lamang nakasaad sa naunang memorandum pansangay. Ang monologo ay sa loob ng 3-5 minuto lamang.
7. Ang oryentasyon ng 20 pansangay na tagapagdaloy ay gaganapin sa Agosto 19, 8:00 n.u.sa Division Office Conference Hall A . Ang kanilang mga pangalan ay matatagpuan sa Kalakip 1 at ang talatakdan ng gawain ay nasa Kalakip 2.
8. Ang rehistrasyong PhP600 para sa pagkain (2 pananghalian, 4 meryenda), ganon din ang honorarium ng tagapagsalita/hurado at iba pang gugulin na may kaugnayan sa gawain ay maggagaling sa HRTD fund na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri. Ang pamasaha ng mga kalahok ay mangagaling sa MOOE ng paaralan. Ang gastusin sa isang araw na oryentasyon ng 20 pansangay na tagapagdaloy, tropeo at medalya ay manggagaling din sa HRTD/local/MOOE fund ng Dibisyon.
9. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


SOCORRO V. DELA ROSA, CESO VI
Tagapamanihala

Mga tagapagdaloy/komite:

1. Sertipiko
Tserman: John Edgar Macca / Ar-jay Callos
Miyembro: Ricky Tid
2. Pagkain
Tserman: Ma. Karen Papango
Miyembro: Marites Habana
3. Tropeo/Medalya
Tserman: Jesselou Balmadrid
Miyembro: Genelyn Torno
4. Teknikal/Sounds/Tarp Design
Tserman: Edgar Macca
Miyembro: Ar-Jay CALLOS
5. Programa/Imbitasyon
Tserman: Helen Garcia
Miyembro Pamela Vargas
6. Bulwagan
Tserman: Ruby Solsona
Miyembro: Eva Valledor
7. Rehistrasyon
Tserman: Liza Bonafe (Sekundarya)
Nelsie Aranngo (Elementarya)
Miyembro: Karen Papango
8. Dokumentasyon
Tserman: Pamela Vargas
Miyembro: Michaela Chavez

Kalakip 2, ng Memorandum Pansangay Big. **199** s. 2017

TALATAKDAAN NG MGA GAWAIN

Pansangay na Kongreso Sa Wilka at Patimpalak sa Buwan ng Wikang Pambansa
Agosto 24-25, 2017

UNANG ARAW	Gawain	Tagapanayam	IKALAWANG ARAW	Gawain	Tagapanayam
Oras			Oras		
7:00-8:00	Rehistrasyon		7:00-9:00	Karugtong Pagsulat ng Dagli	Dr. Lourdez Rodriguez
8:00-9:00	Pambungad na Palatuntunan				
9:00-11:00	Lektyur Ortograpiya	Dr. Charlene Cantar Asso. Professor, CSU	9:00-12:00	Tagisan ng Talento	
11:00-12:00	Lektyur Wikang Filipino: Wilka ng Maka-Filipinong Saliksik	Dr. Jobert Balunsay Asso. Professor, CSU		Pagsulat ng Dagli (Rm. 1)	
				Monologo (Room 2)	
12:00-1:00	Pananghalian		12:00-1:00	Pananghalian	
1:00-2:00	Karugtong ng Lektyur	Dr. Balunsay			
2:00-3:00	Pagsulat ng Dagli	Dr. Lourdez Rodriguez Retired Professor, CSU	1:00-3:00	(Paghahanda para sa pampinid na palatuntunan)	
3:00-5:00	Tagisan ng Talento Masining na Pagkukwento		3:00-5:00	Pampinid na Palatuntunan	